# *Buod ng Gabay sa Espesyal na Edukasyon para sa Personal na Pag-aaral: Tagsibol 2021*

Layunin ng sangguniang ito na suriin ang gabay at mga rekomendasyon sa mga paaralan at pamilya tungkol sa pagbibigay ng personal na serbisyo ng espesyal na edukasyon sa lahat ng baitang, mula sa preschool hanggang sa edad na 21. Nagsisimula ang dokumentong ito sa pagsusuri ng gabay, kasunod ang checklist ng pagpaplano, at nagtatapos sa ilang kaugnay na link ng sanggunian.

## Buod ng Gabay para sa Pagbibigay ng Serbisyo sa mga Mag-aaral na may Kapansanan sa Lahat ng Modelo ng Pagtuturo

Layunin ng seksyong ito na magbigay ng buod ng mga pangunahing paalala mula sa Mga Tanong at Sagot: Pagbibigay ng mga Serbisyo sa mga Mag-aaral na may Kapansanan Habang may COVID-19 para tulungan ang mga distrito ng paaralan sa pagtugon sa mga kinakailangan sa Batas ukol sa Edukasyon para sa mga Indibidwal na may Kapansanan (Individuals with Disabilities Education Act, IDEA) para sa Libreng Naaangkop na Pampublikong Edukasyon (Free Appropriate Public Education, FAPE) sa lahat ng modelo ng pagtuturo. Nakatala sa mga panaklong pagkatapos ng bawat item ang mga direktang sanggunian ng Tanong at Sagot (Questions and Answers, Q&A).

### Mga Pagsusuri at Pagiging Karapat-dapat

- Dapat tiyakin ng mga distrito ang patuloy na proseso para sa mga kawani at magulang para magpasimula ng isang referral para sa pagsusuri sa espesyal na edukasyon sa mga modelo ng pagtuturo kapag mayroon silang alalahanin tungkol sa mag-aaral (hal., child find). (E-5)
- Magpapatuloy ang responsibilidad ng mga distrito sa pagbibigay ng FAPE, pagkumpleto sa mga pagsusuri at IEP, at paglilipat ng mga mag-aaral mula sa Bahagi C patungo sa Bahagi B pagsapit ng kanilang ikatlong kaarawan. (E-6)
- Para sa mga desisyong nangangailangan ng nakasulat na pahintulot mula sa magulang (kagaya ng pahintulot para sa paunang pagsusuri), ang pahintulot na ibinigay sa pamamagitan ng email o paggamit ng iba pang alternatibong paraan ay ituturing na nakasulat na pahintulot hangga't ipinaalam ito sa magulang at naiintindihan niya ang lahat ng impormasyong nauugnay sa aktibidad na hinilingan ng pahintulot. (E-3)
- Kung nakikilahok ang mag-aaral sa remote o hybrid na pag-aaral sa panahon ng pagsasagawa ng paunang pagsusuri o muling pagsusuri, baka kailangan ng grupo ng pagsusuri na mas higit na umasa sa kasalukuyang datos, partikular na kung nililimitahan ng pag-iingat sa kalusugan at kaligtasan ang kakayahan ng distrito sa pagbibigay ng mga personal na pagsusuring nakasunod sa pamantayan. (E-5)
- Kung kailangan ng karagdagang panahon para makumpleto ang pagsusuri, maaaring magkasundo ang distrito at mga magulang na palawigin ang 35-araw na timeline.[1] Dapat na idokumento ang pagpapalawig, kabilang ang inaasahang petsa ng pagkumpleto at ang dahilan ng pagkaantala. Gayunman, dapat na mag-ingat para matiyak na hindi mangyari ang di-angkop na pagpapalawig, at isaalang-alang na maaaring magdulot ng masamang epekto sa mag-aaral ang pagkaantala ng potensyal na kinakailangang serbisyo. (E-1)

[1] Mahalagang tandaan na bagaman puwedeng palawigin ang 35-araw na timeline para makumpleto ang pagsusuri matapos matanggap ang pahintulot ng magulang, ang tatlong-taon na timeline para sa pagkumpleto ng muling pagsusuri at ang isang-taon na timeline para sa pagkumpleto ng Programa ng Ipinasadyang Edukasyon (Individualized Education Program, IEP) ay hindi maaaring palawigin.

Washington Office of Superintendent of PUBLIC INSTRUCTION

- Para sa karagdagang gabay sa pagkumpleto ng mga paunang pagsusuri, muling pagsusuri, at transisyon mula Bahagi C patungo sa Bahagi B habang may pandemyang COVID, sumangguni rin sa gabay sa pagsusuri habang may COVID na binuo ng Samahan ng mga Sikolohista sa Paaralan sa Estado ng Washington (Washington State Association of School Psychologists, WSASP). (E-4)

## Pagbuo at Pagpapatupad ng IEP

- Walang hindi sakop sa mga kailangan para magbigay ng FAPE sa mga mag-aaral na may kapansanan, at habang nagbibigay ang distrito ng pangkalahatang serbisyo sa edukasyon sa mga mag-aaral na walang kapansanan, dapat din itong magbigay ng FAPE sa mga mag-aaral na may kapansanan. (B-1)
- Habang may pandemya, dapat na ihatid ang mga serbisyo ng Programa ng Ipinasadyang Edukasyon (IEP) sa abot ng makakaya2 sa lahat ng modelo ng pagtuturo, kabilang ang mga paraan ng paghahatid na virtual o hybrid, kung kailangang sumunod sa pang-estado at lokal na alituntunin sa kalusugan/kaligtasan. (A-1)
    - Hindi dapat magkaroon ng mga pagbabawas sa mga serbisyo ng IEP sa taunang IEP ang mga mag-aaral, maliban sa mga limitadong kaso (hal., kasunod ng hindi na pangangailangan sa mga serbisyo ng pagpapakita ng pagsusuri, magpapasiya ang IEP team na magbigay ng pagtuturong mas maikli subalit mas matindi (kagaya ng 1:1), atbp). (D-2)
    - Dapat idokumento ng mga IEP team ang batayan ng mga desisyong baguhin ang anumang serbisyo sa IEP, kagaya ng sa seksyon ng mga kasalukuyang antas o sa paunang nakasulat na abiso. (D-2)
    - Anumang binagong serbisyo na piniling hindi i-access ng magulang, ay dapat idokumento sa pamamagitan ng isang paunang nakasulat na abiso (prior written notice, PWN). Ang pagpili ng magulang na i-access ang ilan, ngunit hindi lahat, sa mga serbisyo kung saan karapat-dapat ang mag-aaral ay hindi dapat ipagkamali sa pagbawi ng magulang sa kaniyang pahintulot para sa mga serbisyo. (D-2)
- Habang ipinapatupad ng distrito ang mga modelo ng pagtuturo (personal, hybrid o remote) alinsunod sa mga alituntunin sa kalusugan at kaligtasan, kung ibibigay ang mga serbisyo ng mag-aaral kagaya ng tinutukoy sa kasalukuyang IEP (kabilang ang haba ng panahon at lokasyon), maaaring hindi na kailangan ang pagbabago sa IEP. (D-1)

## Pagbibigay ng mga Serbisyo

- Maliban kung may ipinatutupad na pang-estado o lokal na kautusang manatili sa bahay, hindi pinagbabawalan ang mga distrito na magbigay ng personal na serbisyo ng edukasyon sa mga mag-aaral na may kapansanan, kahit pa pinagpasiyahan ng distrito na magbibigay lang ito ng remote na pagtuturo sa pangkalahatan nitong populasyon ng mag-aaral. Ipinapaalala sa mga distrito na sumangguni sa mga kasalukuyang alituntunin para sa pagbibigay ng personal na pagtuturo mula sa Kagawaran ng Kalusugan sa Estado ng Washington (Washington State Department of Health). (A-3)
- Walang iisang paraan para magbigay ng mga serbisyo. Dapat na pagpasiyahan ng mga distrito, sa pakikipagtulungan sa mga pamilya, ang mga paraan para magbigay ng mga serbisyo sa kanilang mga mag-aaral at iakma sa bawat indibidwal ang mga serbisyong ito base sa indibidwal na mga pangangailangan ng mag-aaral. (A-2)
- Pagpapasiyahan ng mga distrito ng paaralan sa lokal na antas kung hanggang saan magiging available ang personal, online, o remote na serbisyo, na isinasaalang-alang ang kalusugan, kaligtasan, at pantay-pantay na pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagtanggap ng espesyal na edukasyon at pagpapalawak ng inklusyon. (A-1)

---

[2] Alinsunod sa 30 20 U.S.C. § 1401(9)(D), binibigyang kahulugan ng IDEA ang libreng naaangkop na pampublikong edukasyon (FAPE) bilang mga serbisyong "ibinibigay kasuwato ng IEP."

- Inirerekomendang iayon ng mga distrito ang pagpapatupad ng paghahatid ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon sa mga modelo ng serbisyo ng pangkalahatang edukasyon, na isinasagawa ang indibidwal na mga desisyon para tugunan ang pagtuturo at access na may pantanging disenyo sa mga setting at pagtuturo sa pangkalahatang edukasyon (A-1)

### Inclusion at Kapaligirang may Pinakamagaang Paghihigpit

- Ang mga mag-aaral na may kapansanan ay dapat na gumugol ng maraming panahong naaangkop sa setting ng pangkalahatang edukasyon, partikular na sa mga limitasyon ng pisikal na pagdistansiya at iba pang kailangan ng kalusugan at kaligtasan. Dapat iangkop ang pagtuturo para matugunan ang mga pangangailangan ng mag-aaral sa halip na sa mga pangangailangan, o umiiral na kapasidad, ng distrito. (A-1)

## Pagsuporta sa mga Mag-aaral para Bumalik sa Personal na Pag-aaral

- Sa lahat ng modelo ng pagtuturo, dapat na iangkop ng mga paaralan at sistema ang kadalubhasaan sa paggawi ng kanilang mga kawani para suportahan ang mga pagwawastong nakakatugon sa mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral at sa bagong kapaligiran ng pag-aaral at gawing priyoridad ang agarang mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral na pinakaapektado. (A-2) Hinihimok ang mga distrito na makipagtulungan sa mga pamilya at kawani para matukoy at masuportahan ang mga mag-aaral na maaaring nangangailangan ng karagdagang pagwawasto sa asal para masuportahan ang pagbalik sa personal na pagtuturo at ang mga inaasahan sa bagong kapaligiran ng pag-aaral (hal. pagsusuot ng personal protective equipment (personal protective equipment, PPE), pagpapahintulot ng mga pagbabago sa iskedyul, transisyon patungo sa pisikal na lokasyon ng paaralan, pagdaragdag ng pakikibahagi at patuloy na atensyon).
- Maaaring kailanganin ng ilang mag-aaral ang karagdagang akomodasyong ilalagay sa kanilang IEP para masuportahan ang transisyon sa personal na pagtuturo. (A-1) Dapat ding isaalang-alang ng mga distrito ang pangangailangang magbigay sa mga mag-aaral ng access sa pangkalahatang pagtanggap (hal. access sa mas tahimik o ligtas na espasyong walang isinusuot na mask, mas maraming pakikipag-ugnayan ng paaralan-tahanan, mga pahinga at/o mas maiikling takdang-aralin) para sumuporta sa kanila habang nasasanay sila at umaangkop sa mga inaasahan sa isang personal na pagpasok sa paaralan. Hindi kailangang idagdag ang pangkalahatan at pansamantalang pagsuporta na ito sa IEP malibang magpasiya ang IEP team na kailangan ang mga ito nang tuloy-tuloy bilang bahagi ng alok na FAPE sa mag-aaral.
- Kung hindi ia-access ng mag-aaral ang mga oportunidad at serbisyo ng edukasyong makukuha habang may COVID-19, inirerekomenda ng Tanggapan ng Superintendent ng Pampublikong Pagtuturo (Office of Superintendent of Public Instruction, OSPI) na idokumento ng distrito ang maraming pakikipag-ugnayan sa pamilya at mga pagsubok upang tugunan ang mga hadlang sa pag-access. (A-1) Dapat patuloy na subukan ng distrito ang muling pakikipag-ugnayan sa mga pamilya at ialok ang paghahatid at suporta sa flexible na serbisyo sa abot ng kanilang makakaya.
- Baka kailangan ng ilang mag-aaral at mga pamilya ang karagdagang suporta sa transisyon pabalik sa personal na pag-aaral. Dapat na suportahan ng mga distrito ang pamilya sa pag-unawa sa mga isinasagawang pag-iingat sa kalusugan at kaligtasan, makukuhang mga sanggunian at kung paano maa-access ang mga ito at pag-isipan ang pangangailangan sa pagsasanay at pagtuturo sa magulang para matulungan silang suportahan ang kanilang mag-aaral sa transisyon ng mga ito pabalik sa paaralan.

# Checklist ng Pagpaplano para sa Pagbabalik sa personal na Pag-aaral

Layunin ng checklist sa pagpaplanong ito na suportahan ang mga distrito sa pagbibigay ng mga serbisyo ng espesyal na edukasyon kapag isinasagawa ang transisyon sa pagpapatupad ng personal na pag-aaral.

## Mga Pakikipag-ugnayan

- [ ] Magplano at magpadala sa buong distrito ng pakikipag-ugnayan kaugnay ng kaligtasan at mga serbisyo. Magplano at magpadala ng nasusulat na abiso sa mga pamilya ng lahat ng mag-aaral na may kapansanan na nagpapalit ng mga modelo ng pagtuturo (personal, hybrid o remote) para ipaalam ang anumang
- [ ] paghahatid ng serbisyo sa buong sistema at/o mga pagbabago sa iskedyul na nakakaapekto sa lahat ng mag-aaral. Dapat na iugnay ng nasusulat na abisong ito ang mga magulang sa mga serbisyong idinokumento sa mga IEP ng mga mag-aaral sa lahat ng modelo ng pagtuturo.

## Mga Pamamaraan ng Pagsusuri at Kuwalipikasyon

- [ ] Makipag-ugnayan sa mga team at pamilya para matukoy kung paano at kailan makukumpleto ang mga pagsusuri sa loob ng kinakailangang timeline.
  - Suriin ang kasalukuyang estado ng mga referral para sa mga pagsusuri sa espesyal na edukasyon,
  - Suriin ang kasalukuyang estado ng mga paunang pagsusuring pinoproseso,
  - Suriin ang kasalukuyang estado ng mga muling pagsusuri na pinoproseso, at
  - Magplano nang maaga para sa mga muling pagsusuri na isasagawa sa mga susunod na buwan.
- [ ] Makipagtulungan sa iyong lokal na ahensiyang nagbibigay ng maagang pagwawasto (early intervention provider agency, EIPA) at sa mga pamilya upang matiyak ang napapanahong transisyon, pagpapasiya sa pagiging karapat-dapat, at pagbuo at pagpapatupad ng IEP para sa mga mag-aaral na lilipat mula sa Bahagi C patungo sa Bahagi B.
- [ ] Kung kinakailangan ang karagdagang panahon para makumpleto ang pagsusuri, makipag-ugnayan sa pamilya para idokumento ang pagpapalawig sa 35-araw na timeline.

## Mga Pamamaraan ng IEP

- [ ] Suriin ang mga iskedyul ng klase at iskedyul ng pagbibigay ng serbisyo para sa lahat ng mag-aaral na may kapansanan.
- [ ] Magplano ng mga serbisyong kasuwato ng mga IEP, kabilang ang maaaring kailanganin ng mga mag-aaral at/o mga pag-amyenda sa IEP, kabilang ang mga pagsasaalang-alang sa transportasyon. Tingnan ang sanggunian naMga Pinag-aaralang Kaso ng Kapaligirang may Pinakakaunting Paghihigpit (Least Restrictive Environment, LRE) para sa karagdagang impormasyon at mga halimbawa.
- [ ] Makipag-ugnayan sa mga pamilya para mapagpasiyahan ang mga iskedyul, serbisyo, pagpupulong, atbp.
- [ ] Suriin ang indibidwal na Mga Plano sa Pagwawasto sa Asal (Behavior Intervention Plans, BIP) para matiyak na may access ang mga mag-aaral sa mga pagwawasto sa kanilang asal at na ang mga pagwawasto sa asal ay naaangkop sa kapaligiran ng pag-aaral, mga inaasahan ng paaralan at agarang pangangailangan ng mag-aaral.
- [ ] I-update ang mga sistema para sa pagkolekta, pag-uugnay, at pamamahagi sa mga magulang ng impormasyon ng pagsubaybay sa pagsulong ng mga mag-aaral kasuwato ng IEP.
- [ ] Gawing priyoridad ang pagpaplano para sa mga senior at mag-aaral na malapit nang maging edad 21, kabilang ang Mga Plano sa High School at Higit pa (High School and Beyond Plans, HSBPs), mga landas ng pagtatapos, mga link ng ahensiya, atbp.

## Mga Sistema ng Pangangasiwa sa Pag-aaral

- ☐ Patuloy na suriin at i-update ang Sistema ng Pangangasiwa sa Pag-aaral (Learning Management System, LMS) ng distrito upang matiyak na natutuganan nito ang mga pangangailangan sa aksesibilidad ng mga mag-aaral at pamilya sa lahat ng modelo ng pagtuturo.
- ☐ Suriin at i-update ang mga mga pamamaraan para regular na masuri ang mga akomodasyon sa indibidwal na mga mag-aaral at mga kailangang pagbabago at tiyaking may access ang mga mag-aaral sa mga ito kagaya ng tinukoy sa IEP.

## Pagsasaayos ng Kawani at Iskedyul

- ☐ Muling itatag ang mga iskedyul ng kawani sa transisyon patungo sa pagbibigay ng personal na serbisyo at inklusibong access
- ☐ Maglaan ng panahon para sa kolaborasyon ng kawani at pagpaplano sa lahat ng larangan ng nilalaman.

## Pakikibahagi ng Mag-aaral at Pagkatuto sa Sosyal at Emosyonal

- ☐ Suriin ang pangkalahatang sistema ng pagsusuri para matiyak na kasama rito at tumutugon ito sa mga pangangailangan ng mag-aaral na may kapansanan na lumilipat sa personal na pagtuturo.
- ☐ Bumuo ng mga sistema ng distrito at gusali para kolektahin, suriin, at gumawa ng pagwawasto sa impormasyon ng mag-aaral at antas ng pakikibahagi sa gusali, kabilang ang mga pamamaraan para sa pagsuporta sa indibidwal na mga mag-aaral at pamilya na may pakikibahagi sa lahat ng modelo ng pagtuturo.

# Mga Kaugnay na Sanggunian

## Pederal na Gabay sa Espesyal na Edukasyon

- Bahagi B Pagpapatupad sa Pagbibigay ng IDEA ng mga Serbisyo sa Kasalukuyang Kapaligiran ng COVID-19 Dokumento ng Q&A (Setyembre 28, 2020)

## Gabay ng OSPI sa Espesyal na Edukasyon

- Muling Pagbubukas ng mga Paaralan sa Washington 2020: Gabay sa Espesyal na Edukasyon at ang kasamang Gabay sa Pagpaplano sa Espesyal na Edukasyon at Buod para sa mga Pamilya (available sa maraming wika dito)
- Mga Tanong at Sagot: Pagbibigay ng mga Serbisyo sa mga Mag-aaral na may Kapansanan Habang may COVID-19 sa Taglagas ng 2020
- Gabay sa Muling Pagbubukas ng Espesyal na Edukasyon: Mga Pag-aaral sa Kaso ng Kapaligirang may Pinakakaunting Paghihigpit (LRE)

## Iba pang Gabay ng Estado

- Kagawaran ng Kalusugan sa Estado ng WashingtonGabay sa Mga Paaralang K-12- Taglagas 2020–2021
- Kagawaran ng Kalusugan sa Estado ng Washington Puno ng Pagpapasiya para sa Pagbibigay ng personal na Pagtuturo sa mga Mag-aaral ng K-12 sa Pampubliko at Pribadong Paaralan Habang may COVID-19 Pandemya

## Mga Karagdagang Sanggunian

- Mga Online (at Offline) na Sangguninan para suportahan ang Patuloy na Pag-aaral para sa mga Mag-aaral na may Kapansanan (XLSX)
- Mga Oportunidad sa Propesyonal na Pag-unlad para sa Pagsuporta sa mga Mag-aaral na may Kapansanan (XLSX)
- Serye ng Pagsasanay sa Magulang, Pagsuporta sa Positibong Asal sa Iba't Ibang Kapaligiran: Bahagi 1, Bahagi 2 at Bahagi 3
- Mga Nai-record na Webinar ng Espesyal na Edukasyon para sa Taon ng Paaralan 2020-21
- 8 Mungkahi para Madaling Ma-access ang Nilalaman ng Kurikulum (pinakamainam na buksan sa Chrome)